Walang anumang higit na marangal kay Allāh (napakataas Siya) kaysa sa panalangin."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Walang anumang higit na marangal kay Allāh (napakataas Siya) kaysa sa panalangin."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang anuman sa mga pagsamba ang higit na mainam sa ganang kay Allāh (napakataas Siya) kaysa sa panalangin dahil taglay nito ang pagkilala sa kawalang-pangangailangan ni Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) at ang pagkilala sa kawalang-kakayahan ng tao at pangangailangan sa Kanya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5509